

## Paghubog o paglubog: Gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya

Pacure, Lowell Jay B. ✉

Leyte Normal University, Philippines ([lowelljaypacure@gmail.com](mailto:lowelljaypacure@gmail.com))

Decino, Anesa S.

Espelita, Cherry Ann G.

Pardales, Ma. Bernadeth D.

Palicte, Leonila E.

Pomentil, Marionne Erika A.

Suñer, Justine May L.

Acala, Michell T.

Leyte Normal University, Philippines



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 15 January 2023

Revised: 20 April 2023

Accepted: 5 May 2023

Available Online: 31 May 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.2009

### **Abstract**

The views of social media users may greatly be affected through the different usage of language in expressing political views in social media. This study aims to describe the role of language in influencing the political views of social media users. This research is quantitative that used descriptive survey design. Using simple random sampling, participants were selected. A survey has been conducted in the process of data gathering. Through frequency count, weighted mean formula, and Five-point Likert Scale, the data collected were analyzed and interpreted. Based on the analysis, it appears that the Facebook is widely used by students in expressing their political agenda in which they show their support or criticism on a specific candidate. Students also gain knowledge regarding political agenda through different social media posts in which it shows that the role of language in expressing political agenda in social media is to give knowledge onto students regarding a specific political discussion. Lastly, the decision-making of a person on which candidate they should vote is influenced by the use of language in social media. Therefore, it is recommended that students should attend seminars, lectures, symposium, and other related activities that discusses social media netiquette in order for students to widen their knowledge on the use of social media like Facebook. Students should also conduct fact-checking before sharing information online to avoid the spread of fake news.

**Keywords:** language, political agenda, social media, role, influence

## **Paghubog o paglubog: Gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya**

### **1. Introduksiyon**

Ang wika ay maraming kayang gawin, kaya nitong makatulong sa mga tao sa iba't ibang aspeto kagaya na lamang sa pakikipagtalastasan at makapagbuklod ng mga taong iba-iba ang pananaw. Sa aspetong politikal, kaya nitong mahubog kung ano o kung sino ang maihahalal ng taong bayan sa puwesto, kung kaya't ang wika ay makapangyarihan. Kaya nitong makapagbago o makapag-udyok sa isang tao upang maipahayag at maipamalas ang ideyang taglay nito na nagkukubli sa isipan ng tao. Ito ay instrumento sa pagbuo ng panibagong kaalaman na makatutulong sa pag-unlad ng isang pangkat o lipunan. Ngunit ang wika ay matalas sapagkat kaya rin nitong maging daan sa pagkasira ng mga ideolohiya at paniniwala ng tao.

Ayon kay Mayberry (2015), ang mga salita ay nakaiimpluwensya sa pagbuo ng relasyon o sa pagsira ng relasyon. Sa madaling sabi, ang wika ay nagtataglay ng napakalaking kapangyarihang mahayag ang isang pagbabago, mabuti o masama man ito. Nabubuo ang wika mula sa mga tunog na nanggagaling sa bibig ng tao na pinagsama-samang mga titik hanggang sa makabuo ng salita, pangungusap, at nagiging talata. Ang wika ay mabisang kasangkapan ng tao upang magkaroon ng pagkakaunawaan sa pagitan ng bawat isa (Cavinta, 2021).

Ayon naman kay Lumbea (2007), ang wika ay parang hininga na sa bawat sandali ng buhay ng tao ay palagi itong nariyan. Ito'y palatandaan na buhay at mayroong kakayahang makiugnay ang tao sa kapwang gumagamit din nito. Nang dahil sa wika, nagkakaroon ang tao ng pagkauunawaan at nagagawang makipagtalastasan sa kapwa tao. Ang wika ay may mahalagang papel na ginagampanan hindi lang sa pang-araw-araw na pamumuhay kundi pati na rin sa iba't ibang larangan. Sa isang seminar ni Constantino (2009), mas madalas gamitin ang wikang pambansa sa mga usaping politikal gaya na lamang ng pangangampanya tuwing eleksyon at sa pagbibigay ng talumpati ng pangulo sa mahahalagang okasyon.

Talamak na ngayong panahon ang gumagamit ng wika sa sosyal midya upang magpahayag ng kanilang politikal na adyenda. Ito'y dahil na rin sa napapalapit na panahon ng halalan. Ayon kay Cruz (2017), kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya ang pag-usbong ng sosyal midya. Ang *Facebook*, *Twitter*, at *Instagram* ay ilan lamang sa mga sosyal midya *platforms* na patuloy na tumatakbo sa kasikatan ngayon. Ayon naman sa artikulo ng European Commission (2020), na pinamagatang "*Social media influences our political behavior and puts pressure on our democracies*", binago ng sosyal midya ang karanasan ng isang tao sa usapang politikal sa pamamagitan ng pag-engganyo sa maraming tao at tinutulungan ang mga minorya na mapakinggan ang tinig. Hindi maikakaila na ginagamit ng tao ang sosyal midya sa larangan ng politika. Nagsisilbi itong plataporma ng ilang politiko sa kanilang pangangampanya. Ayon kay Arao na binanggit sa artikulong "Paggasta ng mga politiko sa *social media ads* dapat tutukan: *watchdog*", nakita na sa mga nagdaang eleksiyon ang kapangyarihang taglay ng sosyal midya para makapaghalal ng opisyal (Alto Broadcasting System and Chronicle Broadcasting Network [ABS-CBN], 2021).

Sa pamamagitan ng sosyal midya, nagkakaroon din ang tao ng mapagkukunan ng impormasyon. Ngunit isang isyung kinakaharap sa paggamit ng sosyal midya bilang plataporma sa pagpapahayag ng politikal na adyenda ay ang pagtangkilik ng tao sa mga impormasyon kahit na ito'y mali o peke. Ayon kay Claudio (2017), sa panahong ito, kahit na peke ang balita basta't ito'y nakasisira sa kaaway o nakatutulong sa kinakampihan, mas tinatangkilik pa rin ang kasinungalingan. Dagdag pa niya, dumating na ang panahon kung saan tila ba'y hindi na marunong kumilatis ang mga mamamayan sa pinagkaiba ng datos o *facts*, sa opinyon o pananaw.

Kahit na sino ay may kakayahang magbahagi ng opinyon sa usapang politikal gamit ang sosyal midya. Ngunit hindi palaging nagkakaroon ng mabuting diskusyon sa pagpapalitan ng opinyon sa usapang politikal.

Ayon pa nga sa pag-aaral ni Mor et al. (2015), ang mga *posts* sa sosyal midya na nagpapahayag ng politikal na adyenda ay maaaring magresulta ng debate, makasakit sa damdamin ng kapwa, at magdulot ng pagkasira ng mga relasyon. Nang dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang pananaw ng tao sa kapwa tao, kadalasan ito'y nagreresulta ng hindi pagkakaunawaan. Sa gitna ng magkakaibang pananaw at paninindigan, nawawala na ang pagrerespeto sa kapwa tao dahil lang sa magkaiba sila nito ng opinyon.

Nang dahil sa sosyal midya, nagagawa itong manipulahin ang isip ng tao sa usapang politika. Madali lang gumawa ng impormasyon sa sosyal midya at maaari na itong makaabot sa maraming tao at magawa itong manipulahin ang isipan. Ayon sa Oxford Internet Institute na binanggit sa artikulo ni Lomas (2019), nakita na ang pagmamaniplula na nangyayari sa sosyal midya ay lumala na. Ginagamit ng mga politiko ang sosyal midya sa pagmamaniplula sa opinyon at pananaw ng publiko. Maaari itong maging paraan ng politiko sa pagmaniplula ng boto ng tao at sa bandang huli'y magsisi ang tao dahil taliwas pala sa pinakita ng politiko ang mga sinabi sa sosyal midya.

Ayon sa pag-aaral nina Akram at Kumar (2017), naging pokus ng pag-aaral ang pagtuklas sa mga positibo at negatibong epekto ng sosyal midya sa kalusugan, hanapbuhay, edukasyon, at sa lipunan. Ayon naman sa pag-aaral nina Ahmad et al. (2019), ay naging pokus ng pag-aaral ang impluwensiya ng sosyal midya sa mga mag-aaral sa kanilang politikal na pananaw. Dagdag pa sa pag-aaral nina Conaco at Quiñones (2015), naglalayong masukat ang pagpapakahulugan ng mga kolehiyong mag-aaral tungkol sa demokratikong pagkamamamayan at nalamang positibo ang mga representasyong sosyal ng demokrasya, tungkuling politikal, mabuting mamamayan, karapatang pantao sa bansa at karapatang pantao sa mundo at nakahanay sa inaasahang direksyon.

Sa kasalukuyang pag-aaral, susuriin ng mga mananaliksik ang iba't ibang sosyal midya *platforms* na ginagamit sa pagpapahayag ng politikal na adyenda, gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda, at kung ano ang impluwensiya sa politikal na pananaw ng mga mag-aaral ang paggamit ng wika sa sosyal midya. Batay sa isinagawang paunang sarbey ng mga mananaliksik sa mga kumukuha ng isang ispisipikong kurso ng isang unibersidad ng Rehiyon VIII, kung sila ba ay gumagamit ng sosyal midya sa pagpapahayag ng politikal na adyenda na kung saan, lumabas na 78.3% ng mga mag-aaral mula una hanggang ikaapat na taon ang gumagamit ng sosyal midya sa pagpapahayag ng politikal na adyenda. Kabilang sa mga sosyal midya *platform* na ito ay ang *Facebook* na kung saan 35% sa mga respondente ang tumugon na sila ay gumagamit nito. Sumunod naman ang *Messenger* na nakakuha ng 13%. *Instagram* at *Twitter* na mayroong parehong 11%, at *Tiktok* naman na mayroong 1%. Mayroon namang 29% na mga respondente na sila ay walang ginagamit na sosyal midya *platform* sa pagpapahayag ng kanilang politikal na adyenda. Samantala, sa pananaliksik na ito ay binigyang-tuon kung ano ang gampanin ng wikang Filipino sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya.

### 1.1 Layunin

Ang wika ay may gampanin sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya. Ang pag-aaral na ito ay may layuning matugunan ang sumusunod na tiyak na katanungan:

- Ano ang mga sosyal midya *platforms* na ginagamit ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng adyendang politikal?
- Ano ang gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa iba't ibang sosyal midya *platforms*?
- Ano ang impluwensiya ng paggamit ng wika sa sosyal midya sa politikal na pananaw ng mga mag-aaral?

### 1.2 Saligang Teoretikal

Sa bahaging ito ay inilalahad ang mga teoryang ginamit ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito at kung

paano ito iniugay sa kasalukuyang pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng Linguistic Relativity Theory, Rational Choice Theory at Media Dependency Theory.

Linguistic Relativity Theory. Ang mga nanguna sa pagtaguyod ng teoryang ito ay sina Edward Sapir at Benjamin Lee Whorf. Binanggit ni Whorf (1960), ang teoryang ito ay nagsasaad na ang estruktura ng wika ng isang tao ay nakaiimpluwensiya sa pag-unawa at pag-intindi sa reyalidad. Dagdag pa ni Bell (2020), nauunawaan ng tao ang mundo sa pamamagitan ng lente ng kanilang sariling wika.

Ang wika ay may gampanin sa kung paano mag-isip ang isang tao. Sa pamamagitan ng wika, naiimpluwensyahan ang tao sa kung ano ang iisipin at paniniwalaan. Sa paggamit ng sosyal midya at sa ginagampanan ng wika rito, maaaring mapabago ang isipan ng tao partikular na sa isang bagay. Sa paggamit ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya, maaari nitong mabago ang pananaw ng tao sa sariling politikal na adyenda. Ayon pa nga kay Lomas (2019), makikitang lumala na ang nangyayaring pagmamaniplula sa sosyal midya. Nagiging talamak ang pagmamaniplula sa isipan ng tao sa sosyal midya sa pagpapahayag ng politikal na adyenda. Maaari itong mapapaniwala ang tao o 'di naman kaya'y makadulot ng pagdududa sa isang partikular na paksa.

Rational Choice Theory. Ang nanguna sa pagtaguyod ng teoryang ito ay si Adam Smith. Ayon kay Smith (1776), ang teoryang ito ay nagsasaad na ang isang tao ay gumagamit ng pansariling interes sa paggawa ng desisyon na makapagbibigay sa sarili ng malaking benepisyo. Dagdag pa ni Ganti (2021), ang isang indibidwal ay gumagamit ng makatuwiran na kalkulasyon upang makabuo ng makatuwirang desisyon at para makamit ang kalalabasan na umaayon sa pansariling layunin.

Mayroong iba't ibang politikal na pananaw ang bawat tao at marami ring mga dahilan kung bakit ganoon ang kanilang isipisipikong pananaw sa isang paksa partikular na sa politikal na pananaw. Sa pagbuo ng tao sa sariling politikal na pananaw, maaaring binabase ng tao sa kung ano ang makukuhang benepisyo para sa sarili. Ayon pa nga kay Amadae (2021), ang teoryang ito ay nagsasaad na ang tao ay pumipili ng isang tiyak na desisyon na umaayon sa mga personal na kagustuhan. Maaaring pinapanigan ng tao ang isang politikal na pananaw dahil umaayon ito sa pansariling layunin na siya rin ang makakukuha ng benepisyo mula rito.

Media Dependency Theory. Ang nanguna sa pagtaguyod ng teoryang ito ay sina Sandra Ball-Rokeach at Melvin DeFluer. Ayon kina Rokeach at DeFluer (1976), ang teoryang ito ay nagsasaad na ang tao ay gumagamit ng midya sa maraming dahilan at kapag ang tao ay mas lalong umaasa sa midya para matugunan ang kanyang pangangailangan, ang midya ay nagiging mahalaga sa tao. Dagdag pa ni Lin (2014), ang teoryang ito ay isang sistematikong dulog sa pag-aaral ng epekto ng mas midya sa madla at ang interaksyong nagaganap sa pagitan ng midya, madla, at lipunan.

Ang tao ay mayroong iba't ibang dahilan sa paggamit ng sosyal midya. Tinutugunan nito ang mga pangangailangan ng tao, sa pagkuha ng impormasyon, pang-aliw, pakikipag-ugnay sa kapwa tao at kabilang nariyan ang pagpapahayag ng politikal na pananaw ng tao sa sosyal midya. Ayon kay Treece (2014), dahil ang midya ay mas lalong lumalawak ang paggamit nito sa lipunan, mahalagang madiskubre kung anong mga salik ang nakaiimpluwensiya sa pagiging mahalaga nito sa tao at kung bakit may mga taong umaasa rito. Maaaring isang dahilan ng tao sa pagdepende sa sosyal midya ay upang matugunan ang pansariling interes sa usaping politikal lalo na sa pagpapahayag ng politikal na pananaw sa sosyal midya.

Sa kabuuan, ang wika ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya. Ginagamit ng tao ang sosyal midya sa pagpapahayag ng mga saloobin. Kayang mabago ng tao ang politikal na pananaw ng ibang tao sa pagpapahayag nito sa sosyal midya. Nagkakaiba-iba man sa layunin ang bawat tao sa kanilang pagpapahayag sa sosyal midya, hindi pa rin maikakaila na mayroong impluwensiya ang paggamit ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya.

### 1.3 Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral, guro, magulang, gumagamit ng sosyal midya, at sa mga sumusunod na mananaliksik. Makatutulong ito sa pag-ambag sa kasalukuyag kaalaman na umiiral sa komunidad upang mas maunawaan ang gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya.

## 2. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na ginamitan ng *descriptive survey design*. Ayon kay Chaudhari (2021), ang disenyo ng ito ay naglalayong suriin ang higit pa sa isang baryabol. Ayon naman kay Ponto (2015), ang disenyo ng ito ay ang pangongolekta ng mga impormasyon mula sa *sample* ng mga indibidwal sa pamamagitan ng kanilang tugon sa mga katanungan. Sa pananaliksik na ito, inilarawan at pinag-aralan kung ano ang gampanin ng wikang Filipino sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa iba't ibang sosyal midya *platforms*. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isa sa mga unibersidad ng Rehiyon VIII. Ang mga mag-aaral ng unibersidad na ito ay makikitang aktibong nakikilahok sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya. Batay sa isinagawang paunang sarbey ng mga mananaliksik, ang mga respondente sa pananaliksik na nag-aaral sa unibersidad na ito ay gumagamit ng sosyal midya sa pagpapahayag ng kanilang politikal na adyenda.

Ginamit ng mga mananaliksik ang Krejcie and Morgan table sa pagtukoy sa *sample* ng magiging kalahok ng pag-aaral. Ang kabuuang populasyon ng mga mag-aaral sa unibersidad na ito ay 7,245 at mula rito, 367 ang naging respondente ng pag-aaral. Ginamit naman ang *simple random sampling technique* na *fishbowl method* upang matukoy ang 367 na respondente. Ang pangangalap ng datos ay sinimulan sa pagbuo ng instrumento ng pananaliksik na kung saan ay ginamit ng mga mananaliksik ang artikulo ni (Anyaegebunam, 2021) upang magsilbing paggawa ng *checklist* sa instrumento upang matukoy ang unang layunin ng pag-aaral at ginamit naman na saligan sa pagbuo ng mga aytem para sa ikalawa at ikatlong layunin ang teorya sa paggamit ng wika ngunit nilimitahan ito sa konteksto ng politikal kung kaya't ito lang ang binigyang-pokus sa pananaliksik na ito. Sumunod namang isinagawa ang proseso ng balidasyon ng instrumento sa tatlong eksperto upang matiyak ang pagiging balido ng resutla ng pag-aaral. Kasunod naman ay ang paghingi ng datos ng mga mag-aaral sa kabuuang populasyon at mga pangalan ng mga mag-aaral ng unibersidad na ito mula una hanggang sa ikaapat na taon sa Manage Information System (MIS) ng unibersidad. Nang makuha na ang datos, nagsagawa naman ng *fishbowl method* ang mga mananaliksik upang matukoy ang kinakailangang 367 na respondente. Gumawa naman ng liham ang mga mananaliskik para sa mga respondente upang hingin ang kanilang pahintulot na maging respondente ng pag-aaral. Matapos mabigyang pahintulot, sinimulan nang ibahagi ng mga mananaliksik ang instrumento ng pag-aaral sa mga respondente upang ito'y masagutan at masimulan ang pangangalap ng datos. Minarapat ng mga mananaliksik na gamitin ang *Google Form* sa pagsasagawa ng sarbey at ipinadala ang *link* nito sa pamamagitan ng *Facebook Messenger application* upang maging ligtas ang pangangalap ng datos sa gitna ng pandemya. Matapos masagutan ng mga respondente ang instrumento ng pag-aaral ay sinimulan na ng mga mananaliksik ang pagtatala, pag-anailsa, at pagpapakahulugan sa mga ito. Sa proseso ng pag-aaral ay maingat na isinaalang-alang ng mananaliksik ang etika ng pagsasagawa ng pag-aaral upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mag-aaral.

Ginamit ng mga mananaliksik ang *Frequency Count* para mabigyang interpretasyon ang unang layunin ng pag-aaral kung saan tinukoy ang mga sosyal midya *platforms* na ginagamit ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng politikal na adyenda. Samantala, para mabigyang-tugon naman ang ikalawa at ikatlong layunin ng pananaliksik, ginamit ng mga mananaliksik ang *Weighted Mean Formula* para mabigyang interpretasyon ang ikalawa at ikatlong layunin ng pananaliksik na kung saan tinukoy ng mga mananaliksik kung ano ang gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa iba't ibang sosyal midya *platforms* at kung ano ang impluwensiya ng paggamit ng wika sa sosyal midya sa politikal na pananaw ng mga mag-aaral. Nagsilbi namang talahanayan ng interpretasyon para sa pagbibigay ng interpretasyon sa ikalawa at ikatlong layunin ang *Likert Scale* na may iba't ibang bigat ang bawat tugon mula lima (5) hanggang sa isa (1). Upang mabigyang

deskripsyon ang kalalabasan nito, ginamit ng mga mananaliksik ang iminungkahing 5-point scale ni Pimentil (2019) sa kanyang inilathalang pag-aaral.

### Talahanayan 1

#### Five Point Likert Scale

Likert Scale	Interval	Deskripsiyon
1	1.00 – 1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon
2	1.80 – 2.59	Hindi Sumasang-ayon
3	2.60 – 3.39	Walang katiyakan
4	3.40 – 4.19	Sumasang-ayon
5	4.20 – 5.00	Lubos na Sumasang-ayon

Halaw mula sa: Some Biases in Likert Scaling Usage and its Correction (Pimentil, 2019)

### 3. Resulta at Pagtatalakay

Sa kabanatang ito makikita ang resulta ng pag-aaral at pagtatalakay sa mga datos na nakuha mula sa isinagawang sarbey. Tinalakay rito ang gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya batay sa inilathad na layunin ng pag-aaral.

#### 1.1 Mga Sosyal Midya Platforms na Ginagamit ng mga Mag-aaral sa Pagpapahayag ng Adyendang Politikal

Ang sosyal midya ay ginagamit ng tao dahil sa mga benepisyong maaring makuha sa paggamit nito. Napadadali nito ang pakikipagkomunikasyon at mapagkukuhaan din ito ng impormasyon. Pati na rin sa pagpapahayag ng mga saloobin at damdamin. Mayroong iba't ibang klase ng tao ang gumagamit ng sosyal midya batay na rin sa kanilang layunin ng paggamit. Sa pag-aaral na ito, binibigyang-diin ang mga mag-aaral na gumagamit ng iba't ibang sosyal midya platforms sa pagpapahayag ng kanilang adyendang politikal.

### Talahanayan 2

#### Mga Sosyal Midya Platforms na Ginagamit ng mga Mag-aaral sa Pagpapahayag ng Adyendang Politikal

Sosyal Midya Platforms	Bilang ng Tugon	%
Facebook	348	94.8%
Messenger	253	68.9%
Instagram	125	34.1%
YouTube	118	32.2%
Twitter	107	29.2%
Tiktok	105	28.6%
Telegram	33	9.0%
Snapchat	24	6.5%
Pinterest	20	5.4%
Quora	12	3.3%
WhatsApp	7	1.9%
Reddit	7	1.9%
Viber	6	1.6%
LinkedIn	4	1.1%
Tumblr	3	0.8%
Line	3	0.8%
QQ	2	0.5%
Discord	2	0.5%
Tinder	1	0.3%
Google News	1	0.3%

Makikita sa Talahanayan 2 ang tugon ng mga respondente batay sa mga sosyal midya *platforms* na kanilang ginagamit sa pagpapahayag ng adyendang politikal. Lumabas sa tugon ang *Facebook* na may 94.8% sa mga naging tugon. Pumangalawa naman ang *Messenger* na may 68.9%. Ang pangsampu naman sa resulta ay ang *Quora* na may 3.3%. Ang nakakuha naman ng pinakamababa na porsyento ay ang *Tinder* at *Google News* na parehong may 0.3%.

Batay sa resultang nakalap, makikita na ang tatlong nangunang mga sosyal midya *platforms* na ginagamit ng

mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang adyendang politikal ay ang *Facebook*, *Messenger*, at *Instagram*. Ang pumagitna naman sa resulta ay ang *Quora*. Samantala, ang may pinakamababang tugon naman ay ang *Tinder* at *Google News*.

Ang resultang nakalap ng mga mananaliksik ay maiuugnay sa pag-aaral nina Ugwuanyi et al. (2019), lumabas na ang sosyal midya *platform* na *Facebook* ay nanguna bilang pinakagamitin ng mga gumagamit ng sosyal midya sa pagpapahayag ng adyendang politikal. Nakasaad din naman sa pag-aaral nina Nagel et al. (2018), na ang pinakasikat na sosyal midya *platform* na ginagamit ng mga mag-aaral ay ang *Facebook*.

Sa kabuuan, mula sa mga natukoy na sosyal midya platforms, ang lumabas na nangungunang pinakagamitin ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng adyendang politikal ay ang *Facebook*. Sa pamamagitan ng *Facebook*, nagagawa ng tao na makipag-ugnayan sa iba kahit na magkalayo at makapagbahagi rin ng saloobin o pananaw hinggil sa iba't ibang usapin tulad na lamang ng politikal na adyenda.

### 1.2 Gampanin ng Wika sa Pagpapahayag ng Politikal na Adyenda sa Iba't Ibang Sosyal Midya Platforms

Ang wika ay may mahalagang gampanin sa buhay ng tao. Ito ay instrumento sa pakikipagkomunikasyon upang maipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan. Maaari rin itong maging daluyan ng impormasyon at maging paraan para sa pagpapahayag ng saloobin o damdamin. Sa pag-aaral na ito, binigyang-diin ang pagtukoy sa gampanin ng wika sa pagpapahayag ng mga mag-aaral ng politikal na adyenda sa iba't ibang sosyal midya *platforms* na makikita sa sumusunod na talahanayan.

Ang bawat aytem na ginamit sa pangangalap ng datos para sa ikalawang layunin ay ginamitan ng teorya sa paggamit ng wika na kung saan makikita na Heuristiko ang paggamit ng wika sa unang pahayag, Impormatibo naman para sa pangalawa at pangatlong pahayag, Personal naman para sa pang-apat, pangwalo, at pangsiyam, Instrumental naman para sa panglima, Interaksyonal naman para sa pang-anim at pangpito, at Regulatory naman para sa pangsampung pahayag. Ang bawat aytem ay inilapat sa konteksto sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng mga usaping politikal. Ngunit ito'y nilimitahan sa konteksto sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng adyendang politikal sa sosyal midya.

### Talahanayan 3

*Gampanin ng Wika sa Pagpapahayag ng Politikal na Adyenda sa Iba't Ibang Sosyal Midya Platforms*

Mga Pahayag	Weighted Mean	Interpretasyon
Nalalaman ko ang mga politikal na pananaw ng tao sa pamamagitan ng kanilang mga <i>post</i> sa sosyal midya.	4.47	Lubos na Sumasang-ayon
Nauunawaan ko ang mga saloobin ng tao patungkol sa kanilang politikal na pananaw sa pamamagitan ng mga <i>post</i> sa sosyal midya.	4.40	Lubos na Sumasang-ayon
Nagkakaroon ako ng kamalayan tungkol sa aking kandidatong iboboto sa tulong ng mga <i>post</i> sa sosyal midya.	4.18	Sumasang-ayon
Nakahahanap ako ng mga kapwang parehas sa akin ang politikal na pananaw sa sosyal midya.	4.12	Sumasang-ayon
Naisisiwalat ang mga impormasyon tungkol sa mga kandidato sa pamamagitan ng <i>post</i> sa sosyal midya.	4.00	Sumasang-ayon
Nakikipag-usap ako sa ibang tao sa sosyal midya tungkol sa adyendang politikal.	3.93	Sumasang-ayon
Nakapagbahagi ako sa sosyal midya ng mga dahilan kung bakit dapat iboto ang isang kandidato sa pamamagitan ng mga <i>post</i> .	3.55	Sumasang-ayon
Naipapahayag ko ang aking pagsuporta sa kandidatong iboboto sa pamamagitan ng paggawa ng <i>post</i> sa sosyal midya.	3.50	Sumasang-ayon
Nahihikayat ako na iboto ang isang kandidato sa pamamagitan ng mga <i>post</i> sa sosyal midya.	3.34	Walang Katiyakan
Napatutuwid ko ang mga isipan ng tao sa kanilang desisyon sa pagboto ng kanidato sa pagpapahayag ko ng politikal na adyenda sa sosyal midya.	3.17	Walang Katiyakan
<b>Kabuuan</b>	<b>3.87</b>	<b>Sumasang-ayon</b>

Makikita sa Talahanayan 3 ang tugon ng mga respondente batay sa gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa iba't ibang sosyal midya *platforms*. Lumabas na ang may pinakamataas na *weighted mean* sa mga naging tugon ay ang malaman ang mga politikal na pananaw ng tao sa pamamagitan ng *post* sa sosyal midya na may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ang pangsampu't panghuli naman ay ang

mapatuwid ng mga mag-aaral ang mga isipan ng tao sa desisyon sa pagboto ng kandidato sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya na kung saan ito ay may interpretasyong walang katiyakan.

Batay sa mga resultang nakalap, nangungunang gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa iba't ibang sosyal midya *platforms* ay ang malaman ng mga mag-aaral ang mga politikal na pananaw ng tao sa pamamagitan ng mga *post* sa sosyal midya. Nagiging daan ang ito para sa mga mag-aaral upang malaman ang politikal na adyenda ng isang tao.

Ang resultang nakalap ng mga mananaliksik ay maiuugnay sa pag-aaral ni Merkley (2020), ang mga *post* na ibinabahagi ng tao ay naglalaman ng kanilang ispisipikong pananaw at dahil dito ay kanilang inilalantad ang pansariling pananaw sa sosyal midya. Batay naman kina Rainie at Smith (2012), natutuklasan ng tao ang politikal na pananaw ng mga kaibigan sa pamamagitan ng sosyal midya.

Sa kabuuan, makikita ang pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa iba't ibang sosyal midya *platforms* na may *weighted mean* na 3.87. Nalalaman ng mga mag-aaral ang politikal na adyenda ng tao dahil sa pamamagitan ng sosyal midya. Ang gampanin ng wika rito ay ang makapagbigay ng impormasyon sa mga mag-aaral patungkol sa partikular na politikal na usapin. Nagkakaroon ng kaalaman sa politikal na adyenda ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang sosyal midya *posts*.

### 1.3 Impluwensiya ng Paggamit ng Wika sa Sosyal Midya sa Politikal na Pananaw ng mga Mag-aaral

Sa likod ng ginagampanang papel ng wika sa tao sa paggamit ng sosyal midya, mayroon itong kaakibat na impluwensiya sa politikal na pananaw sa mga mag-aaral. Ang pagpapahayag ng mga politikal na pananaw sa sosyal midya ay may impluwensiya sa sariling pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa mga politikal na usapin.

## Talahanayan 4

### Impluwensiya ng Paggamit ng Wika sa Sosyal Midya sa Politikal na Pananaw ng mga Mag-aaral

Mga Pahayag	Weighted Mean	Interpretasyon
Nalalaman ko kung ano ang tama at mali sa pagbuo ng desisyon patungkol sa ibobotong kanidato na hindi lamang makabubuti para sa sarili ngunit pati na rin sa sambayanan.	4.44	Lubos na Sumasang-ayon
Napagtanto ko kung ano ang kinakailangang maunawaan patungkol sa politika sapagkat ang mga <i>post</i> sa sosyal midya ay naglalahad ng iba't ibang impormasyon na makatutulong upang mas makapag-isip ang mga mambabasa.	4.15	Sumasang-ayon
Napalalawak ng mga <i>post</i> sa sosyal midya ang aking politikal na pananaw sa pamamagitan ng mga makatotohanang impormasyon sa sosyal midya.	4.07	Sumasang-ayon
Nauunawaan ko ang aking kandidatong iboboto sa pamamagitan ng mga <i>post</i> sa sosyal midya na nagpapahayag ng politikal na pananaw.	3.98	Sumasang-ayon
Nababago o napatitibay ang aking politikal na pananaw sa tulong ng wika sa sosyal midya na nagpapahayag ng politikal na adyenda.	3.88	Sumasang-ayon
Nabago ang aking desisyon sa kandidatong iboboto dahil sa husay na ipinakita sa debate na aking nakita sa sosyal midya.	3.59	Sumasang-ayon
Nabago ng mga <i>post</i> sa sosyal midya ang aking desisyon sa kung sinong kandidato ang aking iboboto.	3.03	Walang Katiyakan
Nakumbinsi akong sumali sa mga grupong sumusuporta sa kandidatong sinusuportahan ko.	2.94	Walang Katiyakan
Nadismaya ako sa aking kandidatong iboboto nang malaman ko ang mga isyung kinasasangkutan nito sa tulong ng mga <i>post</i> sa sosyal midya.	2.65	Walang Katiyakan
Nabago ang pagtingin ko sa mga kaibigan ko na nagbabahagi ng kanilang politikal na pananaw sa sosyal midya.	2.50	Hindi Sumasang-ayon
<b>Kabuuan</b>	<b>3.52</b>	<b>Sumasang-ayon</b>

Makikita sa Talahanayan 4 ang tugon ng mga respondente batay sa impluwensiya ng paggamit ng wika sa sosyal midya sa politikal na pananaw ng mga mag-aaral. Ang nakakuha ng pinakamataas na *weighted mean* sa mga naging tugon ng mga respondente ay ang malaman ng mga mag-aaral kung ano ang tama at mali sa pagbuo ng desisyon patungkol sa ibobotong kandidato na hindi lamang makabubuti para sa sarili ngunit pati na rin sa sambayanan na kung saan ito ay may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ang pangsampu't panghuli naman ay ang pagkabago ng tingin ng mga mag-aaral sa mga kaibigan na nagbabahagi ng politikal na pananaw sa sosyal midya na kung saan ito ay may interpretasyong hindi sumasang-ayon.



Batay sa mga resultang nakalap, nangunang impluwensiya ng paggamit ng wika sa sosyal midya sa politikal na pananaw ng mga mag-aaral ay ang malaman ng mga mag-aaral kung ano ang tama at mali sa pagbuo ng desisyon patungkol sa ibobotong kandidato na hindi lamang makabubuti para sa sarili ngunit pati na rin sa sambayanan. Sa pamamagitan ng pagpapahayag ng tao sa sosyal midya ng kanyang politikal na pananaw ay naiimpluwensiyahan nito ang mga mag-aaral sa pagbuo ng desisyon sa ibobotong kandidatong makabubuti sa buong sambayanan, hindi 'yung pansariling interes lamang.

Ang resultang nakalap ng mga mananaliksik ay maiuugnay sa pag-aaral ni Intyaswati (2021), lumabas na ang sosyal midya ay nakaiimpluwensiya sa kaalamang politikal ng mga mag-aaral. Ayon naman sa pag-aaral ni Bacino (2018), lumabas na ang sosyal midya ay tiyak na may ginagampanang papel sa pag-iimpluwensiya ng politikal na opinyon ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, makikita ang pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa impluwensiya sa paggamit ng wika sa sosyal midya sa politikal na pananaw ng mga mag-aaral na may *weighted mean* na 3.52. Dahil sa gamit ng wika sa sosyal midya, ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng wastong desisyon sa pagboto ng tamang kandidato na may layuning isaalang-alang ang kapakanan ng sambayanan. Ito ay sa pamamagitan ng impluwensiya ng mga *post* na nagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya tulad na lamang ng isang partikular na kandidato. Kung ang isang kandidato ay may adyendang politikal na pababain ang presyo ng mga bilihan at ang isa naman ay ang magbigay ng mga hanapbuhay sa walang trabaho, maaari itong maimpluwensiyahan ang tao sa pagbuo ng desisyon kung sino ang kandidatong iboboto na may hangaring mapabuti ang sariling bayan.

#### 4. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa isinagawang pagsusuri at pagtatalakay sa mga nakalap na datos, nabuo ang sumusunod na konklusyon at rekomendasyon.

##### 4.1 Konklusyon

1. Ang *Facebook* ang pinakagamitin ng mga mag-aaral sa kanilang pagpapahayag ng politikal na adyenda na kung saan ipinapakita nila ang kanilang pagsuporta o pagtuligsa sa isang partikular na kandidato.
2. Nagkakaroon ng kaalaman sa politikal na adyenda ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang sosyal midya *posts* sapagkat ang gampanin ng wika sa pagpapahayag ng politikal na adyenda sa sosyal midya *platforms* para sa mga mag-aaral ay ang makapagbigay ng impormasyon sa mga mag-aaral patungkol sa isang partikular na politikal na usapin.
3. Naiimpluwensiyahan sa pagbuo ng desisyon ang isang tao sa ibobotong kandidato na may layuning isaalang-alang ang kapakanan ng sambayanan bilang impluwensiya ng paggamit ng wika sa sosyal midya.

##### 4.2 Rekomendasyon

1. Dumalo ang mga mag-aaral sa iba't ibang palihan, lektura, simposium, at iba pang kaugnay na gawain na may kinalaman sa *social media netiquette* upang palawakin ang kaalaman sa paggamit ng sosyal midya kagaya ng *Facebook*.
2. Magsagawa ng *fact-checking* ang mga mag-aaral upang maisaalang-alang ang pagkilatis sa bawat impormasyon na makikita sa sosyal midya bago ang pagpapahayag ng mga politikal na pananaw para maiwasan ang pagpapakalat ng maling impormasyon.

3. Gamitin ang sosyal midya sa positibong hangarin tulad na lamang ng pagpapahayag ng pagpili ng isang partikular na kandidato na may layuning isaalang-alang ang kapakanan ng sambayanan.

## 5. Sanggunian

- ABS-CBN News. (2021, Mayo 17). *Paggasta ng mga politiko sa social media ads dapat tutukan: watchdog*. ABS-CBN. Sinipi sa: <https://bit.ly/3yYi8C1>
- Ahmad, T., Alvi, A., & Ittefaq, M. (2019, Hulyo 17). The Use of Social Media on Political Participation Among University Students: An Analysis of Survey Results from Rural Pakistan. SAGE Journals. Sinipi sa: <https://bit.ly/3NUycct>
- Akram, W., & Kumar, R. (2017, Oktubre 30). *A Study on Positive and Negative Effects of Social Media on Society*. ResearchGate. Sinipi sa: <https://bit.ly/3yyLZ7v>
- Amadae, S. M. (2021, Marso 11). *rational choice theory*. Encyclopedia Britannica. Sinipi sa: <https://bit.ly/3yBtY3x>
- Anyaegbunam, D. (2021, December 20). *The Top 20+ Social Media Platforms and Sites for 2022*. Mirasee. Sinipi sa: <https://bit.ly/3yBtY3x>
- Bacino, I. (2018, February 12). The Effect of Social Media Content on Influencing Political Opinions and Affiliation Among College Students. Academia. Sinipi sa: <https://bit.ly/3c88Jz1>
- Bell, K. (2020, Hulyo 1). *linguistic relativity*. Open Education Sociology Dictionary. Sinipi sa: <https://bit.ly/3IvHkTw>
- Cavinta, E. M. (2021, Hulyo). *Wika at Lingguwistikang Filipino: Paglalahad ng Isang Guro*. ResearchGate. Sinipi sa: <https://bit.ly/3z0oPUg>
- Chaudhari, A. (2021, Oktubre 27). *Descriptive Survey Design*. Voxco. Sinipi sa: <https://bit.ly/3audYZr>
- Claudio, S. E. (2017, Oktubre 23). *[OPINION] Peka at totoo*. Rappler. Sinipi sa: <https://bit.ly/3yxgsy5>
- Conaco, M. C. G., & Quiñones, D. W. A. (2015, Nobyembre 17). *[DIWA E-Journal Tomo 3, Nobyembre 2015] Ang Antas ng Pulitikal na Pagkilos bilang Epekto ng Sosyal na Identidad bilang Pilipino, ng mga Representasyon tungkol sa Demokratikong Pagkamamamayan, at ng Pulitikal na Bisa*. Diwa E-Journal. Sinipi sa: <https://bit.ly/3NYg1Cx>
- Costantino. (2009, Mayo 4). *Pulitika ng wika, wika ng pulitika*. The Varsitarian. Sinipi sa: <https://bit.ly/3nVh1N5>
- Cruz, A. J. (2017, Oktubre 1). *Sosyal Midya (Isang sanaysay)*. WordPress. Sinipi sa: <https://bit.ly/3avUp2K>
- European Commision. (2020, Oktubre 27). *Social media influences our political behaviour and puts pressure on our democracies, new report finds*. EU Science Hub-European Commission. Sinipi sa: <https://bit.ly/3c3Vv6i>
- Ganti, G. A. (2021, Pebrero 22). *Rational Choice Theory Definition*. Investopedia. Sinipi sa: <https://bit.ly/3yG3AG6>
- Intyaswati, D., Maryani, E., & Sugiana, D. (2021, June 11). Social Media as an Information Source of Political Learning in Online Education. SAGE Journals. Sinipi sa: <https://bit.ly/3bWLBTS>
- Lin, Y. (2014). *Media Dependency Theory*. Britannica. Sinipi sa: <https://bit.ly/3atAfqh>
- Lomas, N. (2019, Setyembre 26). Voter manipulation on social media now a global problem, report finds. TechCrunch. Sinipi sa: <https://tcrn.ch/3O4Dv94>
- Lumbera, B. L. (2007). Ayon kay bienvenido lumbera 2007 parang hininga ang. Course Hero. Sinipi sa: <https://bit.ly/3P388wW>
- Mayberry, M. (2015, Oktubre 1). Your Words Have Impact, So Think Before You Speak. Entrepreneur. Sinipi sa: <https://bit.ly/3IxDup>
- Merkley, L. (2020, August 6). How social media impacts political views. The Daily Universe. Sinipi sa: <https://bit.ly/3uG4bWX>
- Mor, Y., Vilenchick, N. K., & Maoz, I. (2015, October 8). Political Expression on Facebook in a Context of Conflict: Dilemmas and Coping Strategies of Jewish-Israeli Youth. SAGE Journals. Sinipi sa: <https://bit.ly/3PgjpK2>
- Nagel, T. W. S., Remillard, C., Aucoin, R., & Takenishi, A. (2018). Findings on Student Use of Social Media at

- the Collegiate, Undergraduate, and Graduate Levels: Implications for Post-Secondary Educators. ERIC. Sinipi sa: <https://bit.ly/3uI77SR>
- Pimentil, J. (2019, Abril). Some Biases in Likert Scaling Usage and its Correction. ResearchGate. Sinipi sa: <https://bit.ly/3Pbi8Ea>
- Ponto, J. (2015, Marso 1). Understanding and Evaluating Survey Research. National Center for Biotechnology Information. Sinipi sa: <https://bit.ly/3Pi88Jg>
- Rainie, L., & Smith, A. (2012, March 12). Social networking sites and politics. Pew Research Center. Sinipi sa: <https://pewrsr.ch/3yBUWYO>
- Rockeach, S., & DeFluer, M. (1976). Media Dependency. University of Kentucky. Sinipi sa: <https://bit.ly/3yYmJnL>
- Smith, A. (1776). What is Rational Choice Theory? Online MSW Programs. Sinipi sa: <https://bit.ly/3auvX1U>
- Treece, H. (2014). Media Dependency Presentation. Slide Share. Sinipi sa: <https://bit.ly/3Izz5Go>
- Ugwuanyi, C. J., OIijo, I. I., & Gever, V. C. (2019, May). Social Media as Tools for Political Views Expressed in the Visuals Shared among Social Media Users. ResearchGate. Sinipi sa: <https://bit.ly/3Popzbn>
- Whorf, B. L. (1960). Language, Thought, Reality. Google Books. Sinipi sa: <https://bit.ly/3P3vIPN>

